

## Kawanihan sa Impormasyon

PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBYAN NG MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

## Parusahan sina Enrile, Lacson at iba pang kriminal na manunulsol at instigador!

Pahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal Pambansang Tagapagsalita Partido Komunista ng Pilipinas Mayo 1, 2001

Mariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at buong rebolusyonaryong kilusan ang pangkating Estrada sa masahol na panunulsol nito sa mamamayan at pagbabala sa kanila sa kanyon sa imbing pakanang lusubin ang Malakanyang at ibalik si Estrada sa poder.

Nasupil ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang pakanang ito sa pamamagitan ng dispersal ng mga pwersang sumugod sa Malakanyang, pag-aresto sa mga natukoy na susing lider nito at pagnyutralisa sa iba pa.

May ilang namatay, marami ang nasugatan at maraming ari-ariang ninakaw at nawasak sa naganap na mga sagupaan. Pangunahing nasa duguang kamay nina Estrada at ng kanyang mga pangunahing kasapakat ang mayor na pananagutan dito. Ang pag-aresto kina Juan Ponce Enrile at iba pang pasimuno ng pakanang ito ay kailangang masundan ng paggawad ng pinakamabigat na kaparusahan sa kanila. Subalit kailangan ding panagutan ng sandatahang pwersa at pulisyang nasa kumand ni Macapagal-Arroyo ang maraming kaso ng pananakit at pagmamalupit sa isinagawang dispersal operation.

Subalit kailangang manatili ang militansya at pagiging mapagbantay ng mamamayang nag-alsa sa EDSA 2 upang matiyak na mananagot ang pangkating Estrada di lamang para sa pakana nila ngayon kundi para sa mga kasalanan na ginawa nila sa ilalim ng rehimeng Estrada.

Higit sa anupaman, kinakailangang magsagawa ang rehimeng Macapagal-Arroyo ng mapagpasyang mga hakbang upang harapin at lutasin ang kahirapan, kaapihan at iba pang saligang suliranin ng mamamayan. Ang kabiguan ni Macapagal-Arroyo na isagawa ang mga hakbanging ito sa unang 100 araw ng kanyang gubyerno ang isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit matamlay ang suporta ng masa sa kanyang gubyerno at madaling nakapanlilinlang ang mga demagogong tulad ni Estrada.

## Frustrate the attempts to reverse the verdict of EDSA 2! Oppose the anti-democratic and anti-people attempt to reinstate Estrada to power!

Statement by Gregorio "Ka Roger" Rosal National Spokesperson

Communist Party of the Philippines

April 28, 2001

The Communist Party of the Philippines calls on all democratic and patriotic forces to unite and act to frustrate the attempts of anti-democratic and fascist forces to reverse the verdict of EDSA 2 and reinstate Estrada to power.

Hundreds of millions of pesos are being lade out by Estrada and his rotten, fascist and criminal minions in order to sustain the crowd in EDSA since April 25, trample upon the democratic spirit, aspirations and victories of the people's uprising last January and let the criminals evade punishment.

It is the aim of the Estrada camp, at the minimum, to gain concessions for their economic and political interests, including the relaxing of prosecution and sanctions against Estrada and his criminal cohorts. Some big cronies of Estrada are also negotiating for the withdrawal of cases against them or insurance of their business interests from the hands of those presently in power.

At the maximum, the pro-Estrada reactionaries aim to force out Macapagal-Arroyo and reinstate Estrada as president. While using the EDSA gathering as a forum for their campaign for pro-Estrada candidates, they spread rumors of a coup d'etat to jostle and destabilize the Macapagal-Arroyo regime.

The Estrada camp systematically employs demagoguery, mouths populism and spreads disinformation to dupe the Filipino people in a big way. They take advantage of the extreme poverty of the oppressed masses and mobilize them